## ORDINANSA BLG. 07-2012

**ORDINANSANG NAG-UUTOS NA BAWAT TSUPER (DRIVER) NG TRICYCLE NA PUMAPASADA SA BAYAN NG PINAMALAYAN, SILANGANG MINDORO, AY DAPAT NAKASUOT NG "VEST" (TSALEKO) AT TAMANG KASUOTAN HABANG SILA AY PUMAPASADA.**

**SAPAGKAT**, ang pagsusuot ng Vest (Tsaleko) ay nakakatulong ng malaki upang makilala o malaman kung saang ruta pumapasada ang isang tsuper (driver);

**SAPAGKAT,** magiging madali para sa mga tagapagpatupad ng batas na malaman kung ang isang tricycle ay may taglay na prangkisa o wala;

**SAPAGKAT,** ang pagsusuot ng Vest o Tsaleko ay isang pagpapatunay na bawat samahan ng mga tricycle operators at drivers ay tunay na organisado at may pagkakaisa;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO :**

**IPINAG-UUTOS NG PAMAHALAANG BAYAN NG PINAMALAYAN NA :**

**PANGKAT 1.** Lahat ng Tsuper (Driver) ng Tricycle na pumapasada sa Bayan ng Pinamalayan, Silangang Mindoro, ay dapat nakasuot ng Vest o Tsaleko at tamang kasuotan habang sila ay pumapasada.

**PANGKAT 2.** KAHULUGAN NG MGA SALITA AYON SA GAMIT SA ORDINANSANG ITO :

1. **Vest (Tsaleko)** – isang kasuotan o damit na walang manggas (sleeves) na ginagamit na pang-ibabaw na kasuotan ;
2. **Tricycle Driver (Tsuper)** – tsuper ng pumapasadang tricycle sa bayang ito. Hindi kasama ang mga tsuper na ang ginagamit na tricycle ay pang-service lamang o hindi pumapasada ;

**PANGKAT 3.** MGA NATATANGING TADHANA O TAKDA:

1. Ang Municipal Tricycle Franchising Regulatory Board ay inaatasan para sa pagtatalaga ng kulay ng tsaleko sa bawat ruta ng tricycle sa bayang ito.
2. Ang mga kasapi ng Philippine National Police na nakadestino sa Pinamalayan Municipal Police Station ay inaatasan para sa maayos at parehas na pagpapatupad ng Ordinansang ito.
3. Ang araw ng LINGGO ay isang libreng araw para sa pagsusuot ng TSALEKO.

**PANGKAT 4.** MULTA SA PAGLABAG SA ORDINANSANG ITO.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Unang paglabag | - | Php 100.00 |
| 2. Ikalawang paglabag | - | 200.00 |
| 3. Ikatlo at mga susunod pang paglabag | - | 300.00 |

**PANGKAT 5.** Anumang kaugnay na Ordinansa na ang mga tadhana ay taliwas o hindi tugma sa Ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

**PANGKAT 6.** Ang Ordinansang ito ay magkakabisa isang (1) buwan matapos pagtibayin.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-6 ng Hulyo, 2012, sa mungkahi ni Kon. Epifanio P. Real at pinangalawahan ng lahat.

KGG. MIRASOL G. JAMILLA
Kagawad

KGG. RODOLFO M. MAGSINO
Kagawad

KGG. DUNHILL MARCELO M. DELMO V
Kagawad

KGG. ARNEL G. ABRENICA
Kagawad

KGG. SEVERINO J. NARITO
Kagawad

KGG. JEOFFREY PAUL A. UMBAO
Kagawad

KGG. EDWIN G. HERNANDEZ
Kagawad

KGG. EPIFANIO P. REAL
Kagawad

KGG. NORMAN J. JACINTO
LIGA Pangulo, Kagawad

Patotoo:

CELSO M. JAMIG, JR.
Kalihim

Pinatunayang Wasto:

KGG. ROBERTO A. MORENTE
Pang. Punong Bayan, Tagapangulo

Pinagtibay:

KGG WILFREDO L. HERNANDEZ, SR.
Punong Bayan